

PAPEL NG DAPAT MALAMAN

Maliit na Negosyo



Mga Bagong Mapipili para sa Pagsakop ng Segurong Pangkalusugan

Ang pederal na Patient Protection and Affordable Care Act (Affordable Care Act) ay ipinasa noong 2010 upang itaas ang bilang ng mga Amerikanong sakop ng segurong pangkalusugan.

Ngayong halos kalahati ng lahat ng mga Amerikano ay tumatanggap ng kanilang segurong pangkalusugan mula sa kanilang pinagtatrabahuhan, ang mga maliliit na negosyo ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pagtulong na mabigyan ng seguro ang mas maraming taga-California. Naiintindihan ng karamihan ng mga may-ari ng negosyo ang mga kabutihan sa pakikipagkumpitensiya ng pagkakaloob ng mahusay na segurong pangkalusugan sa

kanilang mga empleyado. Ang pag-aalay ng segurong pangkalusugan ay tumutulong sa mga negosyo na makahanap at magpanatili ng mga pinakamahusay na empleyado at panatilihin ang mga ito na mas malusog, mas masaya at mas produktibo.

Ang Affordable Care Act ay lumikha ng maraming tadhana upang himukin ang mas maraming pinagtatrabahuhan na mag-alay ng segurong pangkalusugan sa kanilang

mga empleyado. Ang mga tadhanang ito ay kabilang ang paggawa sa seguro na mas abot-kaya at mas madaling bilhin. Ang Covered California™ ay magbubukas ng isang bagong pamilihan ng segurong pangkalusugan sa dakong huli ng taong ito. Ang mga maliliit na negosyo ay magkakaroon ng mahusay na daan sa maraming mapipili sa planong pangkalusugan, lahat ay makukuha sa iisang singil at pinamamahalaan sa iisang online na plataporma.

Programang sa mga Mapipiling Pangkalusugan sa Maliit na Negosyo ng Covered California

Ang Small Business Health Options Program (SHOP) ng Covered California ay bumubuo ng isang pamilihan na partikular na idinisenyo para sa mga maliliit na negosyo na may 1 hanggang 50 karapat-dapat na empleyado.

Ang pamilihing ito ay magpapahintulot sa mga pinagtatrabahuhan na paghimbangin ang maraming kuwalipikado, nakikipagkumpitensiyang plano sa segurong pangkalusugan mula sa mga pribadong kompanya ng seguro. Sa pamamagitan ng SHOP ng Covered California, ang mga maliliit na negosyo ay magkakaroon ng kakayahan na mag-alay ng magkakaibang mga plano sa kanilang mga empleyado, isang bagay na iilang maliliit na mga pinagtatrabahuhan ang madaling nakakagawa bago ang panahong ito.

Para sa mga negosyong may 1 hanggang 50 karapat-dapat na empleyado, ang



Covered California ay nakatakdang magsagawa ng bukas na pagpapatala simula sa Oktubre 2013 para sa pagsakop ng seguro na magsisimula sa Enero 1, 2014. Sa 2015, ang Covered California ay magsisimulang mag-alok ng mga plano sa segurong pangkalusugan sa mga pinagtatrabahuhan na may 100 o mas kaunting karapat-dapat na empleyado, para sa pagsakop ng seguro na magkakabisa sa Enero 1, 2016. Ang mga

pinagtatrabahuhan ay makakapagpatala sa SHOP ng Covered California sa buong taon. Hindi tulad ng pamilihan ng Covered California para sa mga tao, walang itinalagang bukas na pagpapatala na panahon para sa mga negosyo, binibigyan ang mga pinagtatrabahuhan ng mapipili na magpatala sa alinsunod sa petsa ng pagpapanibagong bisa ng kanilang kasalukuyang polisa o sa pamamagitan ng ibang petsa ng pagkakabisa na pinili nila.

Mga Kredito sa Buwis para sa mga Maliliit na Negosyo

Ang mga may-ari ng maliit na negosyo ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang kredito sa buwis upang makatulong na mapagaan ang kanilang kontribusyon sa hulog ng kanilang mga empleyado. May dalawang yugto ng mga kredito sa buwis. Simula sa 2010 at tatagal hanggang taon ng buwis na 2013, may isang kredito sa buwis para sa mga negosyong may mas kaunti kaysa 25 full-time-equivalent na mga empleyado na pangkaraniwang binabayaran ng taunang suweldo na mas mababa kaysa \$50,000. Sa unang yugtong ito, ang mga kuwalipikadong pinagtatrabahuhan ay makakatanggap ng isang kredito sa buwis na hanggang 35 porsiyento ng mga gugulin sa hulog (25 porsiyento para sa di-nagtutubo).



Simula noong 2014, ang pinakamataas na kredito sa buwis ay tataas sa 50 porsiyento (35 porsiyento para sa mga di-nagtutubo) at makukuha para sa isang kabuuan na dalawang magkasunod na taon. Pangkaraniwan, ang mga negosyong may 10 o mas kaunting full-time-equivalent na mga empleyado at taunang mga sahod na pangkaraniwang mas mababa kaysa \$25,000 ay magiging kuwalipikado para sa mga pinakamataas na kredito.

Upang maging kuwalipikado para sa anumang kredito sa buwis, ang mga pinagtatrabahuhan ay dapat mag-ambag ng hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng mga presyo ng hulog ng empleyado.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga kredito sa buwis, mangyaring sumangguni sa aming papel ng dapat malaman sa “Kredito sa Buwis ng Maliit na Negosyo,” na makukuha sa www.CoveredCA.com.

Ang mga Kabutihan ng mga Planong Pangkalusugan na Itinataguyod ng Pinagtatrabahuhan

Ang itinataguyod ng pinagtatrabuhan na segurong pangkalusugan ay mahalaga sa maraming dahilan. Ang mga taong nakaseguro ay protektado laban sa hindi tiyak at mataas na mga guguling medikal. Sila ay mas malamang na tumanggap ng kailangan at angkop na pangangalagang pangkalusugan. Ang pagsakop ng seguro ay maaaring magpabuti sa kalusugan ng mga manggagawa, kaya ang mga empleyadong may segurong pangkalusugan ay maaaring magkasakit sa mas kaunting mga araw at mas malamang na maging mga produktibong manggagawa.

Maraming maliliit na negosyo ang pumipiling mag-alay ng segurong pangkalusugan bilang isang karagdagang benepisyo sa empleyado upang umakit at magpanatili ng mga mahuhusay na manggagawa. Ang isang batay sa pinagtatrabahuhan na segurong pangkalusugan ay maaari ring maging kaakit-akit na mapipili dahil sa pabor na pagtrato sa buwis sa pareho ng mga pinagtatrabahuhan at mga empleyado, dahil ang mga hulog ng empleyado ay maaaring ibawas bago ang mga buwis sa ilalim ng Seksyon 125 ng Internal Revenue Service. Dahil karamihan ng



mga malalaking pinagtatrabahuhan ay nagkakaloob ng itinataguyod ng pinagtatrabuhan na segurong pangkalusugan, ito ay tumutulong din sa mga malilit na negosyo na makipagkumpitensiya para sa talento at nagkakaloob ng isang mahalagang benepisyo upang itaguyod ang katapatan at moral ng empleyado.

Mga Planong Pangkalusugan Para sa mga Empleyado

Sa pamamagitan ng SHOP ng Covered California, ang mga empleyado ay magkakaroon ng daan sa maraming plano sa segurong pangkalusugan batay sa mga desisyon na ginagawa ng mga pinagtatrabahuhan at sa mga pamantayang itinatag nila.

Ang isa sa mga desisyong gagawin ng mga pinagtatrabahuhan na pumiling bigyan ng seguro ang kanilang mga empleyado ay ang antas ng pagsakop ng seguro na iaalay. Upang tulungan ang mga pinagtatrabahuhan na gumawa ng pagpapasiya, simula sa 2014 lahat ng mga plano sa segurong pangkalusugan ay ikaklasipika sa isa ng apat ng metal baitang: Bronze, Silver, Gold at Platinum.

Ang mga bagong ranggong ito ay nagpapahintulot sa mga pinagtatrabahuhan na madaling paghambing ang mga magkakaibang plano sa segurong pangkalusugan sa loob ng bawat metal na baitang. Ang mga ranggo ay idinisenyo upang habang ang metal na kategorya ay nadaragdagan ng halaga, gayon din ang porsiyento ng mga guguling medikal na sasakupin ng isang plano sa segurong pangkalusugan. Ang isang pinagtatrabahuhan ay makakapili ng isang plano na may mas mataas na hulog pero mas mababang

mga gastos sa panahon ng pangangalagang medikal, tulad ng planong Platinum o Gold. O ang isang pinagtatrabahuhan ay makakapili ng isang plano na may mas mababang hulog pero mas mataas na mga gastos sa panahon ng pangangalagang medikal, tulad ng planong Silver o Bronze. Ang desisyon ay nasa bawat pinagtatrabahuhan.

Ang mga pinagtatrabahuhan ay nagpapasiya rin kung mag-aalay ng pagsakop ng seguro sa nakadepende, at ang pag-ambag sa mga hulog ng nakadepende ay opsiyonal. Kung ang mga pinagtatrabahuhan ay pumiling hindi mag-aalay ng pagsakop ng seguro sa nakadepende, maaari nilang himukin ang kanilang mga empleyado na makipag-ugnayan sa Covered California upang bumili ng indibidwal na pagsakop ng seguro para sa kanilang mga miyembro ng pamilya.

Maraming bago at kawili-wiling mapipiling pagsakop ng segurong pangkalusugan para sa mga maliliit na negosyo. Ang SHOP ng Covered California ay makakatulong sa mga pinagtatrabahuhan na matuklasan ang mga tama para sa kanila at sa kanilang mga empleyado.

Mga Pinasimpleng Solusyon, Mas Mahusay na Mapipili

Ang SHOP ng Covered California ay tutulong sa mga may-ari ng negosyo na magkaloob ng abot-kayang seguro sa kanilang mga empleyado at gawing madali ang pangangasiwa.

Mga Madaling Paghahambing. Ang Covered California ay nagpapahintulot sa mga pinagtatrabahuhan na gumawa ng paghahambing at magpakita ng pagkakaiba ng iba't ibang mga plano sa segurong pangkalusugan na iniaalok ng mga pribadong kompanya ng segurong pangkalusugan. Ang bawat bagay na kailangan ng pinagtatrabahuhan upang paghambing ang mga plano ay makukuha online, sa pamamagitan ng telepono o mula sa isang Sertipikadong Ahente ng Seguro ng Covered California.

Mga Mahuhulaang Gastos. Alinman ang mga piniling plano ng kanilang mga empleyado, ang kontribusyon sa hulog ng may-ari ng negosyo ay mananatili,

nagpapahintulot sa pinagtatrabahuhan ng kakayahan na mahulaan at pamahalaan ang badyet sa segurong pangkalusugan.

Madaling Pangangasiwa. Gagawing madali ng SHOP ng Covered California para sa mga pinagtatrabahuhan na magbayad para sa seguro. Kahit na kapag ang pinili ng mga empleyado ang magkakaibang mga planong pangkalusugan, ang mga pinagtatrabahuhan ay mag-iisu ng iisang bayad sa Covered California. Ang Covered California ay mamamahagi ng angkop na hulog sa bawat kompanya ng segurong pangkalusugan ng Covered California na sumasakop sa mga empleyado.

Gagawin ding madali ng Covered California para sa mga pinagtatrabahuhan na patuloy na makipagtulungan sa kanilang kasalukuyang ahente ng seguro, sa kondisyon na ang ahente ay sinanay at sertipikado ng Covered California. Tanging ang mga Sertipikadong Ahente

ng Seguro ng Covered California ang pinahihintulutan na magpayo at magbigay sa mga pinagtatrabahuhan ng suporta sa pagpapatala. Ang mga may-ari ng maliit na negosyo ay dapat humimok sa kanilang ahente na maging sertipikado sa Covered California, kung hindi pa nila nagagawa.

Kontrol ng Pinagtatrabahuhan. Ang mga pinagtatrabahuhan ay nagpapasiya kung at kailan lalahok sa Covered California. Ang mga pinagtatrabahuhan ang pumipili ng antas ng pagsakop ng seguro, sa halaga ng kontribusyon sa hulog ng mga empleyado at, kung ang pagsakop ng seguro ng nakadepende ay makukuha, anumang halaga ng kontribusyon sa mga hulog ng nakadepende. Sa sandaling ang mga pinagtatrabahuhan ay gumawa ng mga desisyong ito, ang mga empleyado ay pipili ng plano na pinakamahusay na nakakatugon sa kanilang mga pangangailangan, badyet at istilo ng pamumuhay.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.CoveredCA.com o tumawag sa (877) 453-9198.



CoveredCA.com

Ang Covered California ay ang bagong online na "pamilihan" na gagawing payak at abot-kaya ang pagbili ng mahusay na segurong pangkalusugan at pagkuha ng pinansiyal na tulong sa pagbabayad nito.